Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF EDUCATION
Region VIII
**SCHOOLS DIVISION OFFICE OF CATBALOGAN CITY**

19 Hunyo 2018

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 209 s. 2018

ULIRANG GURO SA FILIPINO 2018 NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Para sa : Chief ng Curriculum Implementation Division
Mga Pampurok na Tagamasid
Punongguro ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralang Elementarya at Sekondarya

1. Batay sa Memorandum Pangkagawaran Blg 015, s. 2018 at sulat ng Direktor ng Sentro ng Wika at Kultura, Leyte Normal University , Lungsod ng Tacloban, magkakaroon ng pagkilala ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa mga gurong nagtuturo ng Filipino (elementarya, sekundarya, at tersyarya) sa pamamagitan ng pagpili ng isang **ULIRANG GURO SA FILIPINO 2018**. Ang naturang patimpalak ay isang malaking gawain ngayong darating na Agosto para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2018.

2. Kaugnay nito ang Leyte Normal University – Sentro ng Wika at Kultura ( LNU-SWK) na katuwang ng KWF ay nag-aanyaya na magrekomenda ang dibisyon ng kalahok sa naturang paligsahan.

3. Kalakip nito ang Memorandum Pangkagawaran, Sulat ng Direktor ng LNU-SWK, Tuntunin sa Paglahok at Pagpili ng Ulirang Guro sa Filipino 2018, Pormularyo sa Paglahok, at Pormat ng Curriculum Vitae.

4. Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa EPS sa Filipino Gng. **Florita L. Lee**, 2nd Floor, Laohoo Bldg., Del Rosario St. Catbalogan City, cellphone blg. 09107819488 o mag email sa florita.lee@yahoo.com.

5. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

CRISTITO A. ECO, CESO V
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip : Memorandum Pangkagawaran, Sulat ng Direktor ng LNU-SWK, Tuntunin sa Paglahok at Pagpili ng Ulirang Guro sa Filipino 2018, Pormularyo sa Paglahok, at Pormat ng Curriculum Vitae
Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran, s. 2018 at Memorandum Pangkagawaran Blg. 015s. 2018, Sulat ng Direktor ng LNU-SWK
Pamamahagi: 1-2-3 ( D. O. 56-97 )
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa

PATIMPALAK ASIGNATURA, FILIPINO MGA GURO

DEPED DIVISION OF CATBALOGAN CITY
RELEASED
No. 209 DATE: 6/19/18
BY: JOY CONTRERAS
OFFICE OF THE SUPERINTENDENT